PINOY RICE KNOWLEDGE BANK
www.pinoyrice.com

HANDOUT series

For more information, please call/text us at: **0920-911-1398** or visit:
www.philrice.gov.ph | **www.pinoyrice.com**

Mekanikal na Pagpapatuyo ng Palay

Sa pagpapatuyo ng palay gamit ang *mechanical dryers*, mahalaga ang pagkamit ng tamang temperatura. Ang mainit na hangin na dadaloy sa bunton ng butil ay dapat hindi lalampas sa 43^0C. Ilan sa mga halimbawa ng *mechanical dryers* ay Maligaya Flatbed Dryer, Reversible Flatbed dryer, at marami pang iba.

Nakabubuti at Di Nakabubuting dulot ng Mekanikal na Pagpapatuyo

Nakabubuti	Di Nakabubuti
• Makasisiguro sa kalidad ng inaning mga butil dahil mababawasan ang mga pinsalang dala ng panahon gaya ng nangyayari sa pagpapatuyo sa araw. • Nagpapababa ng porsiyento ng mga nasasayang na butil sa pag-aani, gaya ng pagkalamat ng butil, pagkatapon, at mga nadurog na butil. • Nagpapababa sa pagdepende sa kalagayan ng panahon para mag-ani. • Mas maraming oras na ang mailalaan sa mga gawain pagkatapos mag-ani katulad ng pagpapakete, pag-iimbak, , at iba pa. • Mas kaunting manggagawa lamang ang kailangan.	• Mataas na gastos para sa mga kagamitan sa pagpapatuyo at taunang gastos sa pagmamay-ari. • Dagdag na gastos para sa kuryente at panggatong.

Pinaghalawan: Q&a ukol sa Postproduction, PhilRice

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice